

Lagnat ng Dengue (Dengue Fever)

Sanhi

Ang lagnat ng dengue (dengue fever) ay isang impeksiyon na sanhi ng isang virus na dinadala mga lamok. Ang sakit na ito ay nakikita sa mga tropikal na rehiyon sa mundo katulad ng sa mga bansa sa Timog Silangang Asya. May apat na klase ng virus na dengue, ang bawat isa ay maaaring magdulot ng lagnat (dengue fever) at lagnat na may pagdurugo (dengue hemorrhagic fever).

Mga Sintomas

Ang mga sintomas ng lagnat ng dengue (dengue fever) ay ang pagkakaroon ng biglaang pagtaas ng lagnat, matinding sakit ng ulo, pananakit sa likod ng mata, sakit ng laman at kasu-kasuan, kawalan ng ganang kumain, pagduduwal at pamamantal sa balat. Ang mga bata ay maaaring kakitaan lamang ng sinat at pamamantal.

Ang pagdurugo (dengue hemorrhagic fever) ay isang malala at nakakamatay na komplikasyon ng lagnat ng dengue (dengue fever). Sa simula, nagkakaroon ng mataas na lagnat na tumatagal mula dalawa hanggang pitong araw at maaaring umabot hanggang sa 40-41 sentigrado ang taas ng temperatura, pamumula ng mukha at ilan pang mga sintomas ng dengue fever. Kapag lumaon, maaari itong masundan ng pagdurugo katulad ng mga pasa sa balat, pagdurugo sa ilong at gilagid o kaya ay pagdurugo sa loob ng katawan. Sa higit na malalang mga kaso, maaaring umabot ito sa pagbagsak ng sirkulasyon ng dugo, pagkaubos ng dugo at pagkamatay.

Kapag ang isang tao ay nagkaroon na ng impeksiyon mula sa isa sa apat na klase ng virus ng dengue, hindi na ito muli pang maiimpeksiyon nito. Ngunit, hindi pa rin siya ligtas sa impeksiyon mula sa tatlo pang ibang klase ng virus na dengue.

Paraan ng Pagkalat ng Impeksiyon

Ang lagnat ng dengue (dengue fever) ay naipapasa sa tao sa pamamagitan ng kagat ng babaeng lamok na *Aedes* na siyang nagdadala ng virus na dengue. Hindi ito naipapasa mula sa isang tao papunta sa ibang tao. Ang pangunahing klase ng lamok na nagdadala ng dengue, ang *Aedes aegypti*, ay hindi matatagpuan sa Hong Kong ngunit ang *Aedes*

albopictus na makikita rito ay maaari ding magdala ng sakit na ito.

Panahon ng pamumuo ng impeksiyon

Ang panahon ng pamumuo ng impeksiyon ay tumatagal ng tatlo hanggang labing-apat na araw, kadalasang mula apat hanggang pitong araw.

Paggamot

Walang tukoy na gamot para sa lagnat ng dengue (dengue fever) o sa lagnat ng dengue na may pagdurugo (dengue hemorrhagic fever). Ang lagnat ng dengue (dengue fever) ay karaniwang gumagaling nang kusa. Nilalapatan lamang ng lunas ang lagnat at pananakit na dulot nito. Ang mga pasyenteng may pagdurugo (dengue haemorrhagic fever) ay nangangailangan ng maagap na paggamot. Ang pinakamahalaga sa paggagamot nito ay ang pagpapanatili ng sapat na daloy ng dugo sa katawan. Kung may tama at maagap na paggagamot, kulang sa 1% lamang ang namamatay mula sa sakit na ito.

Pag-iwas

Sa kasalukuyan, wala pang bakuna laban sa lagnat ng dengue (dengue fever). Kung kaya, ang pinakamahusay na paraan upang ito ay mapuksa ay ang pagtatapon ng mga nakaimbak na tubig na maaaring pamahayan ng mga lamok. Dapat ding iwasan ang makagat ng lamok.

Mga Pamamaraan ng Pag-Iwas sa Sakit na Dulot ng mga Lamok

1. Magsuot ng mga damit na may mahabang manggas at pantalon. Maglagay ng pamahid laban sa lamok na naglalaman ng DEET sa mga bahagi ng katawan na hindi nababalutan o natatakpan.
2. Gumamit ng kulambo o screen sa mga kuwartong walang aircon.
3. Maglagay ng katol / pamatay ng lamok malapit sa pasukan, tulad ng mga bintana upang maiwasan ang kagat ng lamok.
4. Iwasan ang pag-iimbak ng tubig
 - Itapon ang lahat ng basyong lata at bote sa basurahang may takip.
 - Palitan ang tubig sa halaman nang higit sa isang beses sa loob ng isang lingo. Huwag mag-iwan ng tubig sa mga plato sa ilalim ng paso ng halaman.
 - Takpan ng mahigpit ang lahat ng sisidlan ng tubig, balon at tangke.

- Tiyaking walang bara sa daluyan ng tubig.
- Tabunan ang mga lubak sa lupa upang di pag-ipunan ng tubig,

Kapag may napansin kang bagay sa mga pampublikong lugar na maaaring pamahayan ng lamok, maaaring tumawag sa Kagawaran ng Pagkain at Kalinisang Pangkapaligiran Hotline bilang 2868 0000.

Website ng Sentro para sa Pangangalaga ng Kalusugan: www.chp.gov.hk

24-Oras Kaalamang Pangkalusugan Hotline ng Kagawaran ng Kalusugan : 2833 0111